



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

Ang Pagkakaiba-iba ng Kultura ay nagpapayaman sa Kaalaman

Inihanda ni: Mariem Hamoud



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Ang pagkakaiba-iba ng kultura ay isang makabuluhang pagsasalamin ng pamumuhay na panlipunan at pakikipag-ugnayan sa pagitan ng kani-kanilang mga myembro ng pamayanan. Sa panlipunan, pangkultura at kaisipan na mga aspeto, ito ay maraming nag-aambag na kung saan ito ay nagsisimula sa bawat indibidwal.

Bukod dito, ang mga kaisipan ng multikulturalismo ay hindi lamang hangad ang pag-unlad at pagiging bukas, kundi pati na rin ang indibidwal at pagbahagi ng kaalaman .

Tamang inilarawan ni Plato bilang isang 'makatarungang paniniwala' at isang daan sa pagkuha ng mas maraming kaalaman, kasanayan at pag-unawa.

Lalo na sa ilalim ng kasalukuyan na nagtataguyod ng pamana ng tao at mga sining na mahalaga para sa napapanatiling pag-unlad at pagpapabuti ng kaalaman sa wika.

Ito ay nag-aambag sa higit na magkakaugnay at may kamalayan na pakikipag-ugnay sa pamayanan na may paggalang, kooperasyon, pagtitiwala at pagtanggap ng iba; habang nagpapalakas ng kakayahan at pagiging produktibo.

Ang unibersal na deklarasyon ng UNESCO noong 2001 tungkol sa pagkakaiba-iba ng kultura ay nagpatingkad sa kahalagahan ng pagkakaiba-iba ng kultura at papel nito upang pagyamanin ang kaalaman bilang isang pangkaraniwang pamana ng tao na karapat-dapat pangalagaan at mahalina para sa kasalukuyan at hinaharap na mga henerasyon.

Sa katunayan, ang UAE ay kapansin-pansin sa kanyang mga pagsisikap na ipatupad ang pagkakaiba-iba ng kultura sa pamamagitan ng iba't ibang mga programa. Tulad ng mga grupo ng kabataan at pangkultura ng iba't ibang mga pamayanan na itinakda upang magtaguyod ng palitan ng kaalaman, mapayapang pamumuhay, kapatiran at pagkakaisa.

Batay sa pamumuhay, ang pagkakaiba-iba ng kultura ay isang matibay na plataporma para sa positibong pakikipag-ugnay sa kultura na kinakailangan hindi lamang sa modernong buhay, kundi pati na rin sa mas mahusay na pag-unlad at pagkakaisa na sinusupportahan ng mahusay na kaalaman.